

EL FILIBUSTERISMO BUOD NG BAWAT KABANATA

(1-39 with Talasalitaan)

J. Rizal

El Filibusterismo

Segunda Parte

(Continuacion del Noli me Tangere)

Novela Filipina.

Facilmente se pueda suponer que
un filibuster...
a la...
a la...

Ang El Filibusterismo o “Ang Paghahari ng Kasakiman” ay isang nobela na karugtong ng isa pang nobela na Noli Me Tangere. Ito ay sinimulang isulat ng ating pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal sa Calamba, Laguna.

Isinulat ang ilang bahagi ng nobela sa Paris, Madrid, at Biarritz. Natapos sulatin ni Rizal ang buong nobela noong 1891.

Ang El Filibusterismo ay higit na tumutuon sa paghihimagsik hindi katulad ng Noli Me Tangere na mayroong tema na romansa.

Isinulat ang nobela upang ihandog sa tatlong paring martir na GOMBURZA – Gomez, Burgos, at Zamora.

Narito’t basahin ang aming bersyon ng El Filibusterismo buod ng bawat kabanata kasama ang mga talasalitaang ginamit.

Kung hanap mo naman ang buod ng buong kwento at mga tauhan, mangyaring puntahan ang aming post na El Filibusterismo Buod ng Buong Kwento at El Filibusterismo Tauhan at mga Katangian ng Bawat Isa.

El Filibusterismo Buod ng Bawat Kabanata at mga Talasalitaan

- Kabanata 1: Sa Ibabaw ng Kubyerta
- Kabanata 2: Sa Ilalim ng Kubyerta
- Kabanata 3: Alamat ng Ilog Pasig
- Kabanata 4: Si Kabesang Tales
- Kabanata 5: Ang Noche Buena ng Isang Kutsero
- Kabanata 6: Si Basilio
- Kabanata 7: Si Simoun
- Kabanata 8: Masayang Pasko
- Kabanata 9: Si Pilato
- Kabanata 10: Kayamanan at Karalitaan
- Kabanata 11: Sa Los Baños
- Kabanata 12: Placido Penitente
- Kabanata 13: Klase sa Pisika
- Kabanata 14: Isang Tahanan ng mga Mag-aaral
- Kabanata 15: Ginoong Pasta
- Kabanata 16: Ang Kapighatian ng Isang Intsik
- Kabanata 17: Ang Perya
- Kabanata 18: Mga Pandaraya
- Kabanata 19: Ang Lambal
- Kabanata 20: Ang Nagpapalagay
- Kabanata 21: Mga Ayos-Maynila
- Kabanata 22: Ang Palabas
- Kabanata 23: Isang Bangkay

- Kabanata 24: Mga Pangarap
- Kabanata 25: Tawanan at Iyakan
- Kabanata 26: Mga Paskin
- Kabanata 27: Ang Prayle at ang Pilipino
- Kabanata 28: Pagkatakot
- Kabanata 29: Mga Huling Salita Tungkol Kay Kapitan Tiago
- Kabanata 30: Si Huli
- Kabanata 31: Mga Mataas na Kawani
- Kabanata 32: Mga Ibinunga ng mga Paskin
- Kabanata 33: Ang Huling Matuwid
- Kabanata 34: Ang Kasal
- Kabanata 35: Ang Pista
- Kabanata 36: Ang Kagipitan ni Ben Zayb
- Kabanata 37: Ang Hiwaga
- Kabanata 38: Ang Kasawian
- Kabanata 39: Wakas

Kabanata 1: Sa Ibabaw ng Kubyerta

Umaga ng Disyembre, ang bapor tabo ay naglalakbay sa liku-likong daan ng Ilog Pasig patungong Laguna.

Sakay sa bapor sina Donya Victorina, Don Custodio, Benzayb, Padre Salvi, Padre Sibyla, Padre Camorra, Padre Irene, at si Simoun. Paksa sa usapan nila ang pagpapatuwid ng Ilog Pasig at ang mga gawain ng Obras del Puerto.

Nagmungkahi si Simoun na maghukay ng isang tuwid na daan mula pagpasok hanggang sa paglabas ng Ilog Pasig. Ang mga lupang nahukay ay siyang gagamitin upang takpan ang dating ilog.

Pagtatrabahuhin ang mga bilanggo upang hindi mag-aksaya ng malaking halagang pera. Kung hindi sapat ay pagtatrabahuhin din ang mamamayan ng sapilitan at walang bayad.

Hindi sinang-ayunan ni Don Custodio ang paraang iminungkahi ni Simoun dahil maaari itong magsimula ng himagsikan.

Sa halip, pilitin na mag-alaga ng itik ang lahat ng naninirahan malapit sa Ilog Pasig. Sa gayon ay lalalim ang lawa sa kanilang pagkuha ng susong pagkain ng pato. Ito'y hindi rin sinang-ayunan ni Donya Victorina dahil dadami ang balot na pinandirihan niya.

Talasalitaan:

- **Bapor tabo** – barko na hugis tabo
- **Patungo** – papunta
- **Paksa** – pinag-uusapan
- **Nagmungkahi** – nagsalaysay
- **Himagsikan** – rebelyon, pakikidigma

Kabanata 2: Sa Ilalim ng Kubyerta

Marami ang sakay sa ilalim ng kubyerta. Katabi nila ang mga maleta, tampipi, at bakol. Malapit sila sa makina at init ng kaldero kung kaya't halu-halo na ang mabahong singaw ng langis at singaw ng tao. Kabilang sa naroon sina Basilio, Isagani, at Kapitan Basilio.

Tungkol naman sa Akademya ng Wikang Kastila ang paksa ng usapan nila. Sinabi ni Basilio na magbibigay ito ng salapi, ngunit ang magtuturo ay kalahating Pilipino at kalahating Kastila. Ang bahay naman ay magmumula kay Makaraeg.

Bumaba si Simoun sa ilalim ng kubyerta at lumapit sa magkaibigan Isagani at Basilio. Pinakilala ni Basilio si Isagani kay Simoun. Hindi tinanggap ng magkaibigan ang paanyaya ni Simoun na uminom ng serbesa.

Binanggit ni Basilio na ayon kay Padre Camorra kulang sa lakas ang mga Pilipino dahil ito ay palainom ng tubig at hindi ng serbesa. Sinagot ito ni Isagani, aniya ang tubig ay matamis at naiinom ngunit lumulunod sa serbesa at pumapatay ng apoy.

Habang nag-uusap ay may dumating na utusan. Pinapatawag ni Padre Florentino ang kaniyang pamangkin na si Isagani. Ayon sa iba ay anak daw ito ni Padre Florentino sa dating katipan nang mabalo.

Talasalitaan:

- **Kubyerta** – palapag o sahig ng barko
- **Tampipi** – isang lalagyang gawa sa dahon ng niyog
- **Bakol** – lalagyan o basket
- **Paksa** – pinag-uusapan
- **Salapi** – pera
- **Serbesa** – alak

Kabanata 3: Alamat ng Ilog Pasig

Nang dumating si Padre Florentino ay tapos na ang naganap na pagtatalo. Nagbubulungan ang mga prayle at pinag-uusapan ang pagtutol ng mga Pilipino sa pagbabayad ng buwis at bayarin sa simbahan.

Habang nag-uusap ay dumating si Simoun. Pinanghinayangan ni Don Custodio dahil hindi nakita ni Simoun ang tanawin habang naglalakbay ang bapor.

Ani Simoun walang halaga ang magandang tanawin kung ito'y walang alamat. Sumagot si Don Custodio at sinabing may mga alamat ang nasabing ilog. Unang isinalaysay ni Don Custodio ang alamat ng Malapad na Bato.

Noong hindi pa nakakarating sa Pilipinas ang mga Kastila ay sinasamba ng mga tao ang Malapad na Bato na pinaniniwalaang tirahan ng mga espiritu. Ito ay nagsimulang maging tirahan ng mga tulisan na humaharang sa mga bangka nang mawala na ang pamahiin na iyon.

Ikinuwento naman ni Padre Florentino ang alamat ng yungib ni Donya Geronima. Si Donya Geronima ay tumandang dalaga dahil sa pag-iintay nito sa kaniyang kasintahan. Nag-arsobispo ang lalaki at pinatira naman niya ang Donya sa isang yungib.

Nagsalaysay naman si Padre Salvi ng ginawang himala ni San Nicolas kung saan ay nagawa nitong maging bato ang isang buwaya.

Habang nag-uusap ang lahat ay may nabanggit si Ben Zayb tungkol sa pagkamatay ni Crisostomo Ibarra. Itinuro ng kapitan ng bapor kung saan tinugis si Ibarra labing-tatlong taon na ang nakalipas.

Talasalitaan:

- **Prayle** – pari
- **Pagtutol** – di pagsang-ayon
- **Bapor** – barko
- **Isinalaysay** – ikiniwento
- **Tulisan** – hindi sumusunod sa batas
- **Yungib** – kweba
- **Arsobispo** – mataas na uri ng pari
- **Tinugis** – hinanap

Kabanata 4: Si Kabesang Tales

Si Telesforo o mas kilala sa tawag na Tales ay anak ni Tandang Selo. Inalagaan niya ang isang bahagi ng kagubatan dahil sa palagay niya ay walang nagmamay-ari nito. Kasama niya roon ang kanyang ama, asawa, at mga anak.

Pinamuhunan niya ito kahit walang kasiguraduhan ang pag-unlad niya dito. Subalit malapit na sana nilang anihin ang mga unang tanim nang biglang inangkin ito ng korporasyon ng mga pari. Hinihingian ng nasabing korporasyon si Tales ng dalawampu o tatlumpung piso kada taon.

Tinanggap ni Tales ang utos na ito dala narin ng kanyang natural na kabaitan. Habang lumalaki ang kanyang ani ay lumalaki din ang hinihinging buwis ng korporasyon.

Nagkaisa ang kanyang mga kanayon na gawin itong Kabesa ng barangay dahil kita naman ang naging pag-unlad nito. Plano sana niyang pag-aralin ang kaniyang dalaga sa Maynila ngunit ito ay di nangyari dahil sa taas ng buwis.

Nang umabot sa dalawang daang piso ang buwis na hinihingi ng korporasyon ay napilitan na itong tumutol. Ngunit tinakot siya ng nangangasiwa na kung hindi ito makakapagbayad ng buwis ay sa iba nalang ipapatanim ang lupa.

Naubos na ang kanyang salapi sa pakikipaglaban sa hukuman subalit nanatili parin itong bigo. Madalas siyang may dala-dalang baril sa tuwing pupunta sa bukid upang ipagtanggol ang sarili kung sakaling may tulisan.

Pagkaraa'y ipinagbawal ang baril kaya gulok naman ang dinala nito. Sinamsam ang dala nitong gulok kaya palakol naman ang sunod na dinala. Nabihag si Tales ng mga tulisan at ipinapatubos ito sa halagang limang daang piso.

Napilitang ipagbenta ni Huli ang lahat ng kaniyang alahas maliban sa agnos na bigay ni Basilio. Ngunit hindi parin ito sapat upang matubos si Tales kaya namasukan ito bilang utusan.

Nalaman ni Tandang Selo ang ginawang iyon ni Huli kaya hindi ito nakakain at nakatulog nang gabing iyon. Sa halip ay umiyak lang ng umiyak ang matanda.

Talasalitaan:

- **Kabesa**– barangay
- **Tumutol** – di-pagsang-ayon
- **Nangangasiwa** – nangangalaga, nagpapatakbo
- **Tulisan** – hindi sumusunod sa batas
- **Gulok** – itak
- **Agnos** – kwintas

Kabanata 5: Ang Noche Buena ng Isang Kutsero

Dumating si Basilio sa San Diego habang kasagsagan ng prusisyon. Naabala ito sa daan nang bugbugin ang kutserong kaniyang sinasakyan noong dumaan sa kwartel. Nalimutan ni Sinong na dalhin ang kanyang Sedula.

Iniutos ni Basilio na palakarin nalang ang kaniyang sinasakyan nang makaraan ang prusisyon. Nalibang ito sa mga nakikita niya habang naglalakd kung kaya't hindi na niya napansin ang pagkawala ng ilaw sa parol ng karitela. Nang muling mapatapat sa kwartel ay nabugbog ulit ang kutsero dahilan kung bakit naglakad nalang ito.

Tanging ang bahay ni Kapitan Basilio ang nag-iisang masaya sa lahat ng nadaanan niya. Nagulat ito nang makita niyang kinakausap ni Kapitan Basilio, kura, at alperes si Simoun.

Nagpatuloy ito sa paglalakad hanggang sa makarating sa tahanan ni Kapitan Tiago na kaniyang tinutuluyan.

Nalaman niya ang balitang pagkabihag kay Tales dahilan kung bakit hindi ito nakakain ng gabing iyon.

Talasalitaan:

- **Kasagsagan** – kasalukuyan
- **Prusisyon** – parada
- **Kutsero** – drayber ng kalesa
- **Kwartel** – tirahan ng sundalo
- **Sedula** – tax o kasulatan ng buwis
- **Karitela** – sasakyan na hinihila ng kabayo

- **Kura** – pari
- **Alperes** – batang opisyal ng militar
- **Pagkabihag** – pagkadakip

Kabanata 6: Si Basilio

Hatinggabi nang palihim na tumungo si Basilio sa kagubatan na pagmamay-ari ni Ibarra na nabili naman ni Kapitan Tiago. Tumigil si Basilio sa buntong ng mga batong malapit sa kinalalagyan ng punong balite, kung saan nakalibing ang kanyang ina.

Sa tuwinang umuuwi si Basilio sa bayan na iyon ay una niyang dinadalaw ang yumaong ina ng palihim. Muli nitong naalala ang pagkamatay ng ina at ng lalaking sugatan na si Elias labingtatlong taon na ang nakaraan.

Sa pamamagitan ng perang ibinigay ni Elias ay lumisan si Basilio sa bayan na iyon at nagtungo sa Maynila. Walang sinuman ang tumanggap dito dahil sa ito ay may sakit, marumi, at gula-gulanit na kasuotan.

Nagtangka siyang magpasagasa sa dumadaang sasakyan mabuti't nakita siya ni Kapitan Tiago. Dito ay pumasok siya bilang alila nang hindi binabayaran. Pinahintulutan ni Kapitan Tiago na mag-aral si Basilio sa San Juan de Letran.

Mula ng pumasok si Maria Clara sa kumbento ay kinamuhian na ni Kapitan Tiago ang mga pari. Pinalipat ito sa Ateneo Municipal at mas lalo pang nagpakadalubhasa sa pag-aaral.

Ngayon ay nasa huling taon na siya sa Medisina. Dalawang buwan pa at magiging isang ganap na doktor na si Basilio. Pagkatapos ay muling babalik sa bayan at papakasalan si Huli.

Talasalitaan:

- **Palihim** – patago
- **Buntong** – tambak
- **Yumao** – pumanaw
- **Lumisan** – namatay
- **Gula-gulanit** – sira-sira
- **Alila** – alipin
- **Kumbento** – simbahan
- **Kinamuhian** – kinasuklaman
- **Nagpakadalubhasa** – eksperto, nagpakahusay

Kabanata 7: Si Simoun

Pabalik na si Basilio ng bayan nang may nabanaag na liwanag sa gubat at may narinig na mga yabag. Pumunta ang anino sa kanyang kinaroroonan. Nagtago ito at nakitang nandoon si Simoun na mag-aalahas. Inalis nito ang kanyang salamin at nag-umpisa sa paghuhukay.

Habang pinapanood ni Basilio si Simoun ay may nagbalik na ala-ala sa kanya labing tatlong taon na ang nakalipas. Siya ang tumulong sa paglilibing sa kanyang ina na si Sisa at kay Elias.

Nagulintang si Basilio sa kanyang natuklasan ngunit ito ay lumapit upang tumulong nang makita niyang pagod at patigil-tigil na si Simoun sa paghuhukay. Nagpakikila si Basilio at sinabing tinulungan siya nito na ilibing ang bangkay ng kanyang ina at ni Elias kaya't siya naman ang nagbigay ng tulong kay Simoun.

Binalak ni Simoun na patayin si Basilio upang manatili ang kanyang lihim ngunit alam niyang parehas lang sila ni Basilio na nais makapaghiganti. Ipinagtapat ni Simoun kay Basilio ang kaniyang ginawa sa loob ng paaralan ng wikang Kastila.

Hiningi niyang gawing lalawigan ng Espanya ang Pilipinas at bigyan ng pantay na pantay na karapatan ang mga Pilipino at Kastila. Ayon kay Simoun ang mga hiling na ito ay ang pagpawi sa kanilang pagkamamamayan at pagkapanalo ng mga naniniil.

Dagdag pa niya, ang pagdadagdag ng isa pang wika ay hahantong sa di pagkakaunawaan. Taliwas naman ang paniniwala ni Basilio. Aniya ang Kastila ang siyang magbubuklod sa mga pulo at makakapagpalapit sa mga Pilipino sa pamahalaan.

Hindi sinang-ayunan ni Simoun ang sinabing ito ni Basilio. Ani Simoun ang wikang Kastila ay kailanma'y hindi magiging wika ng pangkalahatan dahil bawat bayan ay may sariling wika na kaugnay sa damdamin at kaugalian nito.

Sa huli ay hinikayat ni Simoun si Basilio na makisali sa kanyang planong paghihimagsik laban sa pamahalaan ng Kastila. Ngunit hindi pinaunlakan ni Basilio ang panghihikayat ni Simoun dahil naniniwala ito na walang katapusan ang karunungan. Ang galing ng tao ang siyang maging paraan upang maging malaya ang lahat ng tao.

Talasalitaan:

- **Yabag** – tunog ng lakad
- **Nagulintang** – nagulat, nabigla
- **Pagpawi** – pagalis
- **Naniniil** – nang-aapi
- **Hahantong** – darating
- **Taliwas** – kabaliktaran, hindi pagsunod
- **Paghihimagsik** – pagsuway, pagrerebelde
- **Pinaunlakan** – pinayagan

Kabanata 8: Masayang Pasko

Madilim pa ay gising na si Huli. Naisip niya na baka gumawa ng himala ang Birhen kaya hindi sumisikat ang araw. Ngunit mali siya dahil sumikat ang araw.

Sunod naman niyang tinignan ang ilalim ng imahen ng Birhen upang silipin kung may salapi ngunit nanatili itong bigo. Dahil sa magkasunod na pagkabigo ay inaliw nalang ni Huli ang kanyang sarili.

Malapit lang ang kanyang paglilingkuran na tahanan at balak nitong umuwi tuwing makalawa upang dalawin ang kaniyang lolo. Iniayos ni Huli ang kanyang tampipi at agad na lumapit sa kanyang lolo na si Tandang Selo upang halikan ang kamay nito.

Ibinilin ni Huli kay Selo na sabihin sa kanyang ama na siya ay napasok sa pinakamurang kolehiyo. Dali-daling umalis si Huli ang makita nitong natitigmak na sa luha ang kaniyang lolo.

Araw ng Pasko, marami ang dumalaw na kamag-anak ni Selo. Ngunit marami ang nagtaka dahil hindi makapagsalita si Selo kahit isang kataga. Ito'y napipi.

Talasalitaan:

- **Imahen** – larawan
- **Salapi** – pera
- **Tampipi** – lalagyang gawa sa dahon ng niyog
- **Natitigmak** – lubhang basa, babad
- **Kataga** – salita

Kabanata 9: Si Pilato

Mabilis na kumalat ang balitang pagkapipi ni Tandang Selo. Nang marinig ni Hermana Penchang, amo ni Huli ay sinabing iyon ay parusa ng langit dahil hindi marunong magdasal ang dalaga.

Nang mabalitaan din nito ang pagluwas ni Basilio upang kumuha ng perang pantubos kay Huli ay higit itong nangamba sa kaligtasan ng dalaga. Si Hermana Penchang ay may paniniwalang ang mga kabataan na nag-aaral sa Maynila ay nasasawi at nagsasama pa ng iba.

Iniutos ni Hermana Penchang kay Huli na basahin ng paulit-ulit ang aklat na may pamagat na “Tandang Basing Makunat” at ibinilin na makipagkita lagi sa pari upang maligtas nag kaluluwa nito.

Sa kabilang dako ay nagdidiwang ang mga pari dahil sa pagkapanalo sa usapin. Nang dumating si Tales buhat sa pagkabihag ng mga tulisan ay naipamigay na sa iba ang kaniyang lupain.

Nakatanggap din siya ng kautusan na lisanin ang kanilang tirahan sa loob ng tatlong araw. Walang ginawa si Tales kundi tahimik na nakaupo sa tabi ni Selo maghapon.

Talasalitaan:

- **Parusa** – Pahirap
- **Pagluwas** – pagtungo sa ibang lugar
- **Pantubos** – tawag sa bayad upang lumaya
- **Nangamba** – pagkabahala
- **Nasasawi** – namamatay

- **Pagkabihag** – pagkadakip
- **Lisanin** – lumikas, lumayo

Kabanata 10: Kayamanan at Karalitaan

Si Simoun ay nagtungo sa bahay ni Kabesang Tales upang magbili at makipagpalitan ng alahas. Kabilang sa mga mamimili sina Kapitan Basilio, ang kanyang asawa at anak na si Sinang, at si Hermana PENCHANG.

Marami ang humanga nang ilabas ni Simoun ang mamahaling hiyas. Marami ang nagsibili.

Inalok ni Simoun na bilihin ang agnos ni Maria Clara na napunta kay Huli, ngunit kailangan munang puntahan ni Kabesang Tales si Huli upang isangguni ang tungkol dito.

Nangakong babalik ito bago mag takipsilim ngunit hating gabi na ay di parin bumabalik si Tales. Nakatulog si Simoun sa kakaintay.

Nang magising kinaumagahan ay wala na ang dala niyang rebolber ngunit may isang liham na mula kay Tales.

Ayon sa sulat, kinuha ni Tales ang rebolber dahil kailangan niya ito sa panunulisan sa halip iniwang kapalit ni Tales ang agnos ni Maria Clara.

Talasalitaan:

- **Nagtungo** – nagpunta
- **Humanga** – nagalingan
- **Agnos** – kwintas
- **Isangguni** – komunsulta
- **Takipsilim** – panahong pagkatapos lumubog ang araw
- **Rebolber** – maliit na uri ng baril
- **Liham** – sulat
- **Panunulisan** – pamimirata, pandarambong

Kabanata 11: Sa Los Baños

Pumunta ang Kapitan Heneral sa Busobuso upang mangaso kasama ang banda ng musiko. Ngunit wala itong nahuli kaya ipinag-utos din na bumalik sa Los Baños.

Naglaro si Kapitan Heneral kasama sina Padre Irene, Padre Sibyla, at Padre Camorra ng tresilyo. Sinadyang magpatalo ng dalawang pari upang mabigyang kasiyahan ang heneral, habang galit naman si Padre Camorra.

Hindi lingid sa kaalaman ni Padre Camorra ang sadyang pagpapatalo ng dalawa ay para sa akademya ng wikang Kastila na nais ipatayo ng mga mag-aaral. Nagkaroon ng talakayan at pagtatalo tungkol dito ang mga prayle at si Simoun.

Sumang-ayon din ang Kapitan Heneral na palayain si Tandang Selo.

Talasalitaan:

- **Mangaso** – manghuli
- **Tresilyo** – sugal gamit ang braha
- **Lingid** – lihim, sikreto
- **Talakayan** – pagtuturo ng isang leksion
- **Prayle** – pari

Kabanata 12: Placido Penitente

Masama ang loob ni Placido Penitente habang patungo sa Pamantasan ng Sto. Tomas. Dalawang beses nang sinulatan ng liham ang kanyang ina upang sabihin na nais na niyang tumigil sa pag-aaral ngunit sinabi nitong magtiis pa ng konti dahil malapit na itong magtapos.

Habang naglalakad ay sinalubong ito ni Juanito Pelaez na noo'y naatasan upang mangolekta ng ambag para sa pagpapatayo ng bantayog ng isang paring Dominiko.

Nang papasok na ay may tumawag sa kaniya upang lagdaan ang isang kasulatan na tumututol sa pagpapatayo ni Makaraeg ng akademya ng wikang Kastila.

Hindi naman ito nilagdaan ni Placido dahil wala itong panahon upang basahin ang nasabing kasulatan. Natawag na ng propesor ang pangalan nito nung siya ay pumasok.

Upang mapansin ay nilakasan niya ang tunog ng kaniyang takong. Tiningnan siya ng kanyang propesor na may lihim na pagbabanta.

Talasalitaan:

- **Liham** – sulat
- **Mangolekta** – manguha
- **Ambag** – kontribusyon
- **Bantayog** – kilala
- **Lagdaan** – pirmahan

Kabanata 13: Klase sa Pisika

Ginaganap ang klase sa pisika sa isang bulwagang pahaba na may bintanang rehas. Meron ditong gabinete na naglalaman ng mga kagamitang pampisika ngunit ito ay inilalaan lamang sa mga panauhing dumadalaw at hindi sa mga mag-aaral.

Ang dominikanong pari na si Padre Millon ang siyang propesor sa pisika. Tungkol sa salamin ang diskusyon sa araw na iyon. Unang tinawag ang isang antuking estudyante ngunit nang hindi makasagot ay tinawag ng propesor si Juanito Pelaez.

Nang walang mabulong na sagot sa kaniya si Placido Penitente ay inapakan nito ang kanyang paa dahil kung bakit napasigaw si Placido dahil naman kung bakit ito sunod na tinawag.

Wala ding maisagot si Placido kaya nilait ito ng kanyang propesor. Galit na umalis si Placido sa bulwagan matapos magkaroon ng sagutan sa pagitan niya at ng pari.

Talasalitaan:

- **Bulwagan** – gusaling pinagtatanghalan
- **Rehas** – kulungan
- **Gabinete** – tauhan sa pamahalaan
- **Inilalaan** – pagbibigay ng oras
- **Nilait** – pagsasabi ng negatibo o paninira

Kabanata 14: Isang Tahanan ng mga Mag-aaral

Ang bahay ni Makaraeg ay malaki at mayroong dalawang palapag. Tahimik dito tuwing umaga at magulo pagsapit ng hapon.

Unti-unting napawi ang ingay nang magsidatingan ang mga kamag-aral na inanyayahan ni Makaraeg upang ibalita ang nilalakad nilang akademya ng wikang Kastila.

Unang dumating si Isagani at Sandoval. Sumunod sina Pecson at Pelaez. Dumating si Makaraeg dala-dala ang magandang balita.

Sinabi niya ang pakikipag-usap ni Padre Irene sa Kapitan Heneral. Ibalita din niya ang pagsalungat ni Don Custodio sa planong akademya ng wikang Kastila. Nakaisip sila ng dalawang paraan kung paano nila mapapapayag si Don Custodio.

Una ay paki-usapan si Ginoong Pasta, isang manananggol na pinangangayupapaan ng Don, ikalawa ay si Pepay na isang mananayaw. Napagkaisahan ng lahat na unang kausapin si Ginoong Pasta dahil ayon kay Isagani kailangang maging marangal ang kapamaraanang gagawin nila.

Talasalitaan:

- **Pagsapit** – pagdating
- **Napawi** – nawala
- **Inanyayahan** – pinapapunta
- **Pagsalungat** – pagtutol
- **Manananggol** – abogado
- **Pinangangayupapaan** – kilos na tanda ng pag-sakop o pag-galang
- **Marangal** – mabuti

Kabanata 15: Ginoong Pasta

Nagtungo si Isagani sa bahay ni Ginoong Pasta upang ito ay hikayatin na sumang-ayon sakaling sumangguni si Don Custodio dito. Ngunit ito ay nabigo dahil napagpasyahan na ng ginoo na huwang makialam sa panukala.

Ayon sa kaniya ay kailangan niyang maging maingat dahil siya ay maraming pagmamay-ari kung kaya't kailangan niyang kumilos ng ayon sa batas.

Pag-alis ni Isagani ay naiwang nag-iisip si Ginoong Pasta. Siya ay humanga sa katalinuhan at estado ng pag-iisip ni Isagani ngunit para sa ginoo ito ay kaawa-awa.

Talasalitaan:

- **Nagtungo** – nagpunta
- **Hikayatin** – kumbinsihin
- **Sumangguni** – pagdulog, pagkunsulta
- **Napagpasyahan** – napagdesisyonan
- **Panukala** – mungkahi

Kabanata 16: Ang Kapighatian ng Isang Intsik

Araw ng sabado ay naghandog ng isang hapunan si Quiroga, isang Intsik na naghahangad magkaroon ng konsulado ng kaniyang bansa.

Naroon sa hapunan ang ilang panauhin kabilang ang kilalang mangangalakal, mga prayle, mga militar, mga kawani ng pamahalaan, at ang kaniyang mga suki. Nang dumating si Simoun ay kinausap niya ang mga mangangalakal na nagsisidaing sa takbo ng kanilang negosyo.

Si Quiroga man ay dumaing din nang singilin siya ni Simoun sa utang na siyam na libong piso. Ayon kay Simoun babawasan niya ng dalawang libong piso ang utang ni Quiroga kung papayag ito na itago sa kanyang bodega ang mga dumating na armas.

Sa huli ay sumang-ayon na din si Quiroga bagaman may pag-aalinlangan sa una. Sa isang pulutong na kinabibilangan nina Ben Zayb, Juanito Pelaez, mga pari, at Simoun ay nag-uusap-usap tungkol sa ibinalita ni Pelaez na ulong nagsasalita.

Si Ben Zayb ay nag-aakalang ito ay isang ilusyong likha ng salamin. Upang mapatunayan ang sabi-sabi umalis sila sa bahay ni Quiroga at nagtungo sa perya.

Talasalitaan:

- **Naghandog** – nagbigay
- **Naghahangad** – nangangarap
- **Konsulado** – isang maliit na opisyal na tangapan ng isang bansa na nasa ibang bansa
- **Prayle** – pari
- **Kawani** – kabilang
- **Nagsisidaing** – nagrereklamo
- **Pag-aalinlangan** – pagdadalawang-isip
- **Pulutong** – grupo
- **Likha** – gawa
- **Nagtungo** – nagpunta

Kabanata 17: Ang Perya

Maganda ang gabi at puno ng tao ang liwasan. Si Padre Camorra ay libang na libang na pinagmamasdan ang mga magagandang dalaga. Labis ang kanyang paghanga kay Paulita Gomez.

Napadaan sila sa tindahan na nagbebenta ng mga tau-tauhang yari sa kahoy. Marami sa mga inukit ay anyong pari katulad ni Padre Irene. Nang makakita sila ng kamukha ni Simoun ay naalala nila ito at hinanap ngunit di nila ito natagpuan.

Ayon kay Padre Camorra, natakot ito na pagbayarin ng tiket sa tanghalan ni Mr. Leeds. Habang si Ben Zayb ay nangangambang malaman ni Simoun na panlilinlang lamang ang kaniyang palabas.

Talasalitaan:

- **Liwasan** – parke ng isang lugar na may espasyo para sa pag-aaliw
- **Paghanga** – iniidolo o nagustuhan sa isang tao o bagay
- **Inukit** – panlililok
- **Nangangamba** – nag-aalala
- **Panlilinlang** – pandaraya

Kabanata 18: Mga Pandaraya

Sa tanghalan ay malugod na sinalubong ni Mr. Leeds ang mga manonood kabilang ang mga prayle at mga kasama nito.

Bago magsimula ang pagtatanghal ay binigyan si Ben Zayb ng pahintulot upang magsiyasat ngunit bigo siyang makita ang salamin na kanyang tinutukoy. Dahil dito ay napahiya ang mamahayag.

Pumasok si Mr. Leeds sa isang pinto at bumalik na may bitbit na isang kahong gawa sa kahoy. Ang kahong iyon ay natagpuan sa libingan nasa piramide ni Khufu. Ipinasiyat niya ito sa mga manonood.

May ilang nagsabi na ang kahon ay amoy bangkay. Para kay Ben Zayb iyo'y amoy simbahan. Ang kahon ay naglalaman ng abo at kaputol na papirong kinatatalaan ng dalawang salita.

Sa pamamagitan ng unang salita'y nabubuhay ang sandakot na abo at nakakausap ang isang ulo. Ang ikalawang salita naman ay nakakapagbalik sa dati nitong kinalalagyan.

Nang binigkas ni Mr. Leeds ang unang salita ay may lumitaw na ulo. Habang nagsasalita ang espinghe ay nakatuon ang paningin nito kay Padre Salvi. Dahil sa takot ay nahimatay ang pari.

Kinaumagahan, iniutos ng gobernador eklesiyastiko na ipagbawal ang ganung uri ng palabas. Ngunit wala na si Mr. Leeds, siya ay nagtungo sa Hong Kong dala-dala ang kaniyang lihim.

Talasalitaan:

- **Prayle** – pari
- **Pahintulot** – pagpayag
- **Pagsisiyasat** – pagmamanman
- **Pirimide** – pyramid
- **Papiro** – isang halamang tubig
- **Kinatatalaan** – kinasusulatan
- **Espinghe** – isang halimaw na may katawan ng leon at ulo ng tao
- **Nakatuon** – nakatutok, nakatitig

Kabanata 19: Ang Lambal

Umalis si Placido Penitente sa klase na puno ng poot ang kalooban. Wala siyang ibang inisip kundi ang paghihiganti. Buo na ang kanyang desisyon na tumigil na sa pag-aaral dahil sa paghamak na natanggap mula sa kanyang propesor. Muli siyang gagawa ng liham para sa kaniyang ina.

Nang makarating sa bahay ay di niya inakalang madaratnan doon ang kanyang ina na si Kabesang Andang. Napansin ng ina nito ang galit sa mga mata ni Placido kaya ito nag-usisa. Ipinagtapat ni Placido ang nangyari.

Nalungkot naman ang kanyang ina dahil hindi nito natupad ang pangako sa asawa na pagtatapusin ng pag-aaral ang kanilang anak. Nagpatuloy sa pangangaral ang ina kaya napilitang umalis sa bahay si Placido. Nagpalaboy-laboy ito sa lansangan ngunit umuwi din nang makaramdam ng gutom.

Sa pag-uwi ay naroroon parin ang ina nito. Muling pinangaralan ng ina si Placido kung kaya't muli itong lumabas at nagtungo sa daungan. Doon ay nag-intay siya ng kaibigang mandaragat ngunit nabigo ito.

Sa halip ay nakarating ito sa perya. Nakita niya doon si Simoun na nagsama sa kaniya sa mga pook na hindi niya inaasahang mararating ng mayamang mag-aalahas. Hatinggabi na ng makauwi si Placido galing sa bahay ng mag-aalahas.

Samantala, naiwang nag-iisip si Simoun. Naisip niyang bahagi siya ng kasamaang nais niyang puksain. Muli niyang naalala ang mukha ng kanyang ama at ni Elias, na kapwa namatay dahil sa paggawa ng mabuti.

Kinabukasan ay masayang pinapakinggan ni Placido ang pangangaral ng ina.

Talasalitaan:

- **Poot** – galit
- **Liham** – sulat
- **Kabesa** – pinuno, kapitan
- **Nag-usisa** – pagtatanong
- **Lansangan** – kalye, kalsada

- **Daungan** – pantalan o tigilan ng barko
- **Puksain** – alisin

Kabanata 20: Ang Nagpapalagay

Ang pagdedesisyon sa akademya ng wikang Kastila ay nasa mga kamay ni Don Custodio. Si Don Custodio de Salazar y Sanchez de Montereondo ay tanyag sa lipunan ng Maynila.

Bawat kilos niya ay pinapansin ng mga mamahayag. Tinagurian siyang Buena Tinta. Bata palang siya nang dumating siya sa Maynila. Siya ay nakapag-asawa ng isang maganda at mayamang mestisa. Aktibo siya at nahirang sa maraming posisyon sa pamahalaan.

Kabaliktaran naman ang sinapit nito nang bumalik siya sa Espanya. Walang pumapansin dito ni hindi siya makahalubiho sa mga mayayaman dahil sa kakulangan sa pag-aral. Wala pang isang taon ay napagpasyahan nitong bumalik sa Pilipinas.

Mahigit labinlimang araw na niyang sinusuri ang kasulatan. Nang usisain ng mataas na kawani ang lagay ng mga balak ng mag-aaral, sumagot si Don Custodio ng may kasamang pag-aalinlangan, bagama't ibig ipakilalang natapos na niya.

Talasalitaan:

- **Tanyag** – kilala
- **Mamamahayag** – namamahagi ng balita
- **Tinagurian** – binansagan
- **Makahalubilo** – makasama
- **Sinusuri** – inaalam
- **Kawani** – kasapi
- **Pag-aalinlangan** – pagdadalawang-isip

Kabanata 21: Mga Ayos-Maynila

Magdaraos ng ikaunang palabas ang samahan ng operang Pranses ni Mr. Jouy sa dulaang Variedades. Ikapito't kalahati palang ng gabi ay wala nang mabiling tiket. Sa ikawalo'y malaking halaga na ang itinatawad sa mangisa-ngisang nabibiling tiket.

Ngunit may isang Kastila ang nararahuyo sa gayung kaguluhan, siya si Camaroncocido. Lumapit naman ang isang matandang na katumbalikan nito, siya si Tiyo Kiko. Ayon sa nauna, ang pagkapuno ng dulaan ay utang sa mga prayle.

Ang pagbabawal na manood ay mas lalong nakakaakit upang manood ng palabas. Akala naman ng iba ay may itinuturo ang palabas kung kaya't pinagbabawal ng mga pari ang panonood. Nahati ang Maynila sa dalawa dahil sa nasabing palabas.

Tutol ang mga prayle, ang mga babaing may asawa't kasintahan, samantalang ang mga pinuno ng hukbo, mga marino, kawani at maraming matataas na tao ay nagtanggol dito. Sa pag-iisa ni Camaroncocido ay marami itong napuna sa kaniyang pagmamatyag.

May narinig siyang “ang palatandaan ay isang putok” ngunit hindi niya ito pinansin.

Talasalitaan:

- **Magdaraos** – magdiriwang
- **Dulaan** – aktingan
- **Mangisa-ngisa** – paunti-unti
- **Nararahuyo** – maakit
- **Katumbalikan** – kaagapay
- **Nakakaakit** – nagagandahan
- **Pagmamatyag** – tumitingin tingin

Kabanata 22: Ang Palabas

Punong-puno ng tao ang dulaan. Huli na ng labinlimang minuto bago nagsimula ang palabas dahil na napigilang mag-ingay ng mga tao.

Ang mga mag-aaral ay nakapuwesto sa palkong katapat ng kinalalagyan ni Pepay. Ipinuwesto din malapit dito si Don Custodio upang mapasang-ayon ito.

Nang hapon ding iyon ay sumulat si Pepay at tinipan si Don Custodio, kaya hindi naiwasan nitong di dumalo sa dulaan.

Masaya ang lahat maliban kay Isagani sapagkat nakita niya si Paulita na kasama si Juanito Pelaez.

Habang nagpapatuloy ang palabas ay patuloy ding sinasalin ni Tadeo sa Kastila ang mga salitang Pranses. Ganun din si Pelaez sa magtiyahing kasama niya.

Sinang-ayunan na ni Padre Irene ang kahilingan ng mga mag-aaral na magtayo ng akademya ngunit sasailalim pa ito sa isang korporasyon kung sakaling hindi iibigin ng mga Dominikanong masama ang akademya sa Unibersidad.

Kakasimula palang ng ikalawang bahagi ng palabas nang nagtayuan at lumabas ang mga mag-aaral.

Talasalitaan:

- **Palko** – itaas na bahagi ng tanghalan o teatro
- **Ipinuwesto** – inilagay
- **Sinang-ayunan** – pumayag
- **Sasailalim** – dadaan sa proseso

Kabanata 23: Isang Bangkay

Sa ikapito ng gabi ay naroon na si Simoun. Naroong umalis at bumalik nang makalawa sa kaniyang bahay na may kasamang ibang tao. Naroong may binabantayan sa isang daang kalapit ng kumbento ng Sta. Clara at naroong nakita si Camaroncocado sa dulaan na may

kausap na mag-aaral.

Tapat ang hangarin ni Basilio na mapagaling ang kaniyang tagapag-ampon. Ngunit ipinagtataka nito kung bakit sa kaniyang panggagaling sa ospital ay dinaratnan niya si Kapitan Tiago na tulog, naglalaway, at namumutlang parang isang patay. Hindi niya malaman kung sino ang nagbibigay ng apyan gayung si Simoun at Padre Irene lamang ang dumadalaw dito.

Nang gabing iyon ay nagsadyaa si Simoun sa bahay ni Basilio upang ipaalam ang gagawing himagsikan noong gabing iyon. Nais ni Simoun na pangunahan ang isang pulutong ng manggigiba ng pinto ng kumbento upang makuha si Maria Clara.

Subalit huli na ang lahat dahil si Maria Clara ay namatay ng hapon ding iyon. Sa una ay di makapaniwala si Simoun ngunit naniwala lang ito nang may ipadala si Padre Salvi kay Padre Irene upang ipaalam kay Kapitan Tiago ang pagkamatay ng dalaga.

Halos sumabog ang puso ni Simoun sa balitang natanggap dahil ito ang dahilan ng kaniyang paghihimagsik. Samantala'y naiwan si Basilio ang awang-awa kay Simoun.

Talasalitaan:

- **Kumbento** – simbahan
- **Dulaan** – aktingan
- **Ipinagtataka** – ikinamamangha, naguguluhan
- **Dinaratnan** – naabutan
- **Apyan** – isang uri ng halaman
- **Himagsikan** – rebelyon, pag aalsa

Kabanata 24: Mga Pangarap

Kinabukasan, bago magtakipsilim ay naglalakad si Isagani patungo sa Malecon upang kitain si Paulita. Inaasahan ng binata na pag-uusapan nila ang nangyari sa dulaan.

Sa kaniyang paghihintay ay naalalang muli ni Isagani ang sari-saring gunita ng kanilang maliligayang sandali. Naisumpa niya tuloy ang dulaan at ang nakikipag-tunggalian na si Juanito Pelaez.

Marami na ang sumagi sa isip ni Isagani at unti-unti naring dumidilim. Nang lumingon ay nakita niya ang karwaheng dumarating lulan si Paulita, ang kaibigang kasama niya sa dulaan, at si Donya Victorina.

Lumapit si Donya Victorina kay Isagani upang makibalita sa nawawala nitong asawa, subalit hindi maituro ng binata sapagkat sa tahanan ng kaniyang amain nagtatago.

Nang magkaniig na ang magkasintahan, si Paulita ang unang nagpahayag ng kanyang nararamdaman. Hindi man lang daw siya pinansin ni Isagani dahil sa mga mananayaw nakatitig. Sa halip na si Isagani ang manumbat ay siya pa ang nagpaliwanag.

Sinabi din ni Paulita na si Donya Victorina ang umiibig kay Pelaez at hindi siya. Napadako ang usapan sa bayan ni Isagani.

Umaasa ang binata sa pag-unlad ng kanilang bayan. Pinapangarap din niya magkaroon ng pagawaan sa bawat pook, mga daungan, at ng tanggulang bansa.

Nag-aalinlangan si Paulita sa mga pangarap na ito ni Isagani. Ngunit di naman mawawala ang pananalig na ito ng binata. Kahit ang nag-iisang buhay niya ay handa niyang isugal para makamit ang karapatang hinihingi ng bayan.

Talasalitaan:

- **Magtakipsilim** – palubog na ang araw
- **Nakikipagtunggalian** – nakikipaglaban
- **Sumagi** – naalala
- **Karwahe** – sasakyang hila hila ng kabayo
- **Lulan** – nakasakay
- **Makaniig** – makapagsarilinan
- **Nagpahayag** – nagsabi
- **Manumbat** – manlait
- **Napadako** – napunta

Kabanata 25: Tawanan at Iyakan

Labing-apat na binata ang nagsama-sama sa bulwagan ng Pansiteria Macanista de Buen Gusto. Dito magdadaos ng piging na iminungkahi ni Padre Irene alang-alang sa kapasyahang iginawad ni Don Custodio tungkol sa akademya ng wikang Kastila.

Naghalong tawanan at iyakan ang naramdaman ng mga binata. Nagtatawanan at nagbibiruan sila ngunit ito ay pilit lamang sapagkat dinaramdam nila ng labis ang kapasyahan ginawa ni Don Custodio.

Sinang-ayunan nga ang pagtatayo ng akademya ngunit ito ay ipapasailalim ng korporasyon, at ang mga mag-aaral ay gagawin lamang tagapaningil ng mga ambagan at abuloy.

Ang mga nakahandang ulam ay may pinatutungkulan. Ang pansit langlang ay kay Don Custodio, lumpiyang Intsik kay Padre Irene, ang tortant alimango sa mga prayle, at ang pansit gisado ay sa pamahalaan at sa bayan.

Nagkaroon ng talumpatian dahilan kung bakit may mga lumapit sa durungawan at nanood sa kanila. Napansin ng mga mag-aaral na may nagmamanman na binata kasama ang isang taong di-kilala na lumulan sa sa isang sasakyang naghihintay. Ang sasakyan ay kay Simoun.

Talasalitaan:

- **Bulwagan** – gusaling pinagtatanghalan
- **Iminungkahi** – opinyon, kuro kuro
- **Iginawad** – pinagkaloob

- **Sinang-ayunan** – pumayag
- **Pinatutungkulan** – pinamumunuan
- **Nagmamanman** – nagmamasid

Kabanata 26: Mga Paskin

Maagang bumangon si Basilio dahil sa marami siyang nakatakandang gawin sa araw na iyon. Dadalaw siya sa kaniyang mga maysakit, tutungo sa Pamantasan para sa kaniyang lisensyura, at makikipagkita kay Makaraeg upang manghiram ng salapi para sa kanyang pagtatapos.

Ang malaking bahagi ng kanyang naimpok ay pinantubos kay Huli at pinambili ng isang maliit na dampa para sa kanilang maglolo.

Nang makarating si Basilio sa San Juan de Dios at tanungin ng kaniyang mga kaibigan tungkol sa paghihimagsik ay napalundag si Basilio at naalala ang binalak ni Simoun na hindi natuloy dahil sa sakunang nangyari dito.

Nalaman ni Basilio na maraming mag-aaral ang nasasangkot. Lumayo ito sa mga nag-uusap. Sa kaniyang paglalakad ay may nakasalubong siyang isang propesor sa Klinikang Tinanong ang binata kung kasali ba ito sa piging at kung kasama ba ito sa kapisanan ng mga mag-aaral.

Pinayuhan ito ng propesor na iligpit ang anumang papel na maaaring magdala dito sa panganib. Nalaman nitong ang dahilan ay ang pagkakalagay ng mga paskin na may mga masasamang sinasabi sa pamahalaan.

Ang pinaghihinalaang may kagagawan ay ang mga mag-aaral. Nang nagtungo si Basilio sa Pamantasan ay nakita niyang itinataboy ng guardiya sibil ang mga estudyanteng lumalabas sa paaralan. Tumuloy si Basilio sa loob ng Pamantasan.

Nagtungo ito sa bahay ni Makaraeg upang manghiram ng salapi nang matapos pumunta sa Pamantasan. Sa kanyang pagpasok ay may sumalubong na dalawang guardiya sibil at tinanong ang kaniyang pakay.

Nang malamang siya'y si Basilio ay dinakip ito kasama ni Makaraeg.

Talasalitaan:

- **Paskin** – isang limbag na tumutuligsa sa pamahalaan
- **Pamantasan** – paaralan
- **Salapi** – pera
- **Naimpok** – naipon
- **Pinaghihimagsik** – pagrerebelde sa awtoridad
- **Dampa** – bahay kubo
- **Nasasangkot** – nasasama
- **Piging** – handaan
- **Pinaghihinalaan** – sinosospetsa
- **Kapisanan** – samahan

- **Nagtungo** – nagpunta
- **Itinataboy** – pinapaalis
- **Dinakip** – hinuli

Kabanata 27: Ang Prayle at ang Pilipino

Kasalukuyang nagsasalita sa mga kaibigan nito si Isagani nang siya ay ipatawag ni Padre Fernandez. Dinatnan niyang malungkot at nakakunot ang noo ng pari nang ito'y pumasok sa silid.

Agad naman itong tumindig nang makapasok si Isagani. Ayon sa pari, narinig niya itong nagsasalita. Itinanong ng pari kung kasama ba si Isagani sa nangyaring hapunan, hindi naman itinatwa ito ng binata.

Pinuri ng prayle ang binata dahil sa pagkakaraon ng sariling panghulo. At sa lahat ng mag-aaral na kaniyang nakasalamuha ay isa si Isagani sa mga kakaunting mag-aaral na nakakapagsalita ng tapat o harapan kung sila ay pinupulaan.

Ayon kay Isagani, hindi ang mga mag-aaral ang may kasalanan kundi ang mga gurong nagtuturo sa kanila ng pagbabalatkayong ugali. Sinabi ng pari na malayang makapaglahad ng anuman si Isagani nang walang pag-uusig, bagkus ay itinatangi pa niya ito.

Dahil sa mga sinabi ng pari ay napangiti si Isagani. Nagpasalamat ito at sinabing natatangi din ang pari. Sa kadahilanang ang pag-uusap ay di lamang tungkol sa kanilang sarili, minabuti nilang ibahin na ang usapan.

Tinanggap ni Padre Fernandez ang paraan ng pakikipag-usap ni Isagani. Sinabi nitong kausapin siya bilang isang guro at hindi prayle, habang kakausapin din si Isagani ng pari bilang isang mag-aaral.

Dahil dun, tinanong ng pari si Isagani kung ano ang nasa sa kanila ng mga mag-aaral na Pilipino. Nabigla ang binata sa tanong ng pari kaya pabigla din itong sumagot.

Ninansa nilang magsitupad ang mga prayle sa kanilang mga kautangan. Dahil aniya tungkulin ng mga prayle na pabutihin ang mga bata at mabigyan ang mga ito ng maayos na bayan.

Muling nangahas na magtanong si Isagani sa pari kung tinutupad nga ba ng mga prayle ang gayong tungkulin. Agad namang sumagot ang prayle at sinabing siya'y tumutupad, ngunit hinadlangan naman ito ng binata. Ani Isagani maaaring tinutupag nga ni Padre Fernandez ang kaniyang tungkulin ngunit ang kalipunang prayle ay hindi.

Dagdag ni Isagani, nagkakaisa ang mga prayle at ang pamahalaan upang mapanatiling mangmang ang mga Pilipino. Sinabi pa niya na kung ano ang mga Pilipino ay dahil iyon sa kagagawan ng mga prayle. Ramdam ni Padre Fernandez ang lahat ng mga tugon ni Isagani.

Noon lamang niya naranasan na talunin ng isang mag-aaral na Pilipino. Dahil sa kagipitan, sinabi ng pari na ang pamahalaan ang taga-utos at sila'y tagasunod lang. Upang mapaikli at malusutan ng pari ang usapan, nagtanong ito kung ano ang ibig ng mga mag-aaral na gawin

ng mga prayle para sa kanila.

Ang sagot ni Isagani ay tumulong at huwag tumutol sa kalayaan ng mga ito. Ani Padre Fernandez ang hinihiling ng binata ay katumbas ng kanilang pagpapatiwakal.

Nagpatuloy pa sa pag-uusap ang dalawa hanggang sa nangako itong sasabihin sa mga kaparian ang mga sinabi ng binata.

Talasalitaan:

- **Dinatnan** – naabutan
- **Tumindig** – tumayo
- **Itinatwa** – itinanggi
- **Prayle** – pari
- **Panghulo** – pagkaintindi
- **Nakasalamuha** – nakasama
- **Pinupulaan** – pinipintasan
- **Pagbabalatkayo** – mapagkunwari
- **Makapaglahad** – makapagsabi
- **Pag-uusig** – pagsisiyasat, pinaghahanap
- **Ninanasa** – inaasam
- **Nangahas** – naglakas loob
- **Hinadlangan** – pinigilan
- **Mangmang** – walang alam
- **Pagpapatiwakal** – pagpapakamatay

Kabanata 28: Pagkatakot

Naibalita sa pahayagang El Grito ang nagkatotoong hula ni Ben Zayb na makakasama ang ang pag-aaral sa Kapuluan ng Pilipinas.

Ang balita tungkol sa pagkuha ng mga paskin sa pinto ng Pamantasan ay ikinatakot ng mga Intsik maging ang Heneral. Maging ang mga prayle na pumupunta sa tindahan ni Quiroga ay hindi nagsiputan. Malas naman si Quiroga dahil napataong natanggap niya ang bagong bahay.

Nagtungo ito sa bahay ni Simoun dahil sa pag-aakalang iyon na ang oras upang gamitin ang mga armas na nasa kaniyang bodega. Ngunit ayaw makipagkita ni Simoun kaninuman. Sunod itong pumunta kay Don Custodio upang itanong kung dapat ba nitong balutihan ang kaniyang tindahan.

Katulad ni Simoun, ayaw ding makipagkita ni Don Custodio kahit kanino. Pinili nitong tumuloy sa bahay ni Ben Zayb upang doon makibalita. Dinatnan niya itong nakabaluti mula ulo hanggang paa, at ang ginagamit na pabigat sa mga papel ay dalawang rebolber.

Dali-dali itong umuwi, nahiga at nagdahilang maysakit. Patuloy parin sa pagkalat ang balitang magtutulong ang mga mag-aaral at ang mga tulisan. May mga kumakalat ding nagtungo sa Malakanyang ang mag-aaral upang magpahayag ng pagkamaka-Kastila.

Ibinalita ni Padre Irene kay Kapitan Tiago na may ilang nag-uudyok sa Heneral na barilin ang ilan upang bigyan ng aral ang mga binata. Ang pagkahuli kay Basilio at ang pagkahalughog sa mga akalat at papel nito ay lalong nagpalubha kay Kapitan Tiago.

Samut'saring patayan ang nangyari dahil sa maling akala. Marami ang pinagkamalan at pinaghinalaan. Nagkaroon ng usapin kung sino ang may kagagawan ng mga paskin.

Ayon sa platero'y si Padre Salvi ang may kagagawan. Para naman sa iba ay si Quiroga ang may gawa.

Kinabukasan, habang naglalakad ay may natagpuang bangkay na babae si Ben Zayb sa Luneta.

Talasalitaan:

- **Paskin** – isang limbag na tumutuligsa sa pamahalaan
- **Prayle** – pari
- **Nagsiputan** – nagdatingan bigla
- **Tagapamahala** – nangangalaga,
- **Palatuntunan** – schedule, program
- **Naghihingalo** – nag-aagaw buhay
- **Tulisan** – rebelde

Kabanata 29: Mga Huling Salita Tungkol Kay Kapitan Tiago

Nagkaroon ng maringal na libing si Kapitan Tiago.

Bagaman may ilang pari ang pumuna sa kanya dahil ito ay hindi nakapagkumpisal bago ito mamatay, pinagtanggol naman ito ni Padre Irene. Ayon sa pari, ang paghihigpit ay ginagawa lamang sa mga hindi nagbabayad.

Si Padre Irene ang inatasan na maging tagapamahala ng huling habilin ni Kapitan Tiago. Ipinamana sa Sta. Clara, sa Papa, sa Arsobispo, sa mga korporasyon ng mga pare, at ang dalawampung piso para sa matrikula ng mga dukhang mag-aaral. Ang dalawampu't limang piso na sana'y pamana kay Basilio ay napunta sa bulsa ni Padre Irene.

Kinabukasan, sa bahay ni kapitan Tiago ay pinag-uusapan ang himala. Nagpakita raw si Kapitan Tiago sa mga mongha ng Sta. Clara nung ito'y kasalukuyang naghihingalo.

Tatlong pari ang lumapit sa inilibing. Lahat ng magagawang palatuntunan ay ginawa.

Si Donya Patrociniong na siyang kalaban ni Kapitan Tiago sa paghahandog sa simbahan ay naghangad na mamatay na din ito kinabukasan, upang malaluan ang libing ng yumao.

Talasalitaan:

- **Maringal** – engrade, kahanga hanga
- **Nakipagkumpisal** – pagpapahayag ng kasalanan
- **Naghihingalo** – nag-aagaw buhay

- **Palatuntunan** – program
- **Naghangad** – nagnais
- **Yumao** – namatay

Kabanata 30: Si Huli

Marami ang hindi naniniwala sa mga paskin at paghihimagsik. Sa palagay ng ilan ito ay paghihiganti ng mga prayle dahil sa pagkakatubos kay Huli na anak ng tulisang mahigpit na kalaban ng isang korporasyon.

Ayon kay Hermana Penchang ay mabuti't pinaalis na nito si Huli dahil ayaw niyang magalit ang mga prayle sa kanya; gayong dinamdam naman talaga niya ang pagkakatubos sa dalaga.

Sa simula'y di makapaniwala si Huli sa balita ni Hermana Bali na patay na si Kapitan Tiago. Ngunit nang malaman ang totoo ay nahimatay ang dalaga.

Dahil wala na si Kapitan Tiago ay wala nang tagatangkilik ang binata. Naging malungkutin si Huli simula noon. Binalak nitong magpatiwakal ngunit hindi natuloy dahil sa takot na sa impyerno ito mapunta.

Nagbigay ng abuloy ang mga kamag-anak ni Basilio ngunit kulang parin ito upang mailigtas ang binata. Kung kaya't umisip si Hermana Bali ng mas mabuting paraan.

Sumangguni sila sa tagasulat ng bayan ngunit wala itong nagawa kundi ituro sila sa Hukom. Ang Hukom naman ay ipinayong sadyain si Padre Camorra.

Habang nasa daan ay tumanggi si Huli na dumaan sa kumbento. Minsan na itong tumanggi sa mga prayle nung nangangailanagn ang kaniyang magulang. Kung ngayon ay lalapit sya sa prayle dahil kay Basilio ay tiyak na marami ang kukutya sa kaniya.

Tiniis pa rin ni Huli ang mga sisi ng kamag-anak na hindi nakakabatid ng mga nangyari sa kanila ni Padre Camorra. Nang gabing iyon ay bahagyang nakatulog si Huli. Ngunit ito ay pagising gising dahil sa masasamang panaginip.

Kung hindi lang sana gabi at madilim sa labas ay tumakbo na ito sa kumbento. Dumaan ang maraming araw ay hindi parin nagtungo si Huli sa prayle.

Isang araw ay dumating ang balitang si Basilio nalang ang nabibilanggo. Doon ay hindi na ito nag-atubiling hanapin si Hermana Bali upang magpasama sa kumbento.

Nang sumapit na sa pinto ng kumbento ay ayaw nang pumasok ni Huli. Kailangan pa itong batakin at itulak papasok.

Kinagabihan ay may balitang isang dalaga ang tumalon mula sa bintana ng kumbento. Kasabay noon, isang matandang babae ang lumabas na nagsisisigaw na parang isang baliw.

Sa kabilang dako, si Tandang Selo ay galit na pumunta sa kumbento, ngunit ito ay pinaalis doon sa pamamagitan ng mga palo at tulak.

Bumalik ang matanda sa nayon na umiiyak na parang isang bata. Kinabukasan ay nawala si Tandang Selo dala ang kaniyang gamit sa pangangaso.

Talasalitaan:

- **Paghihimagsik** – pagrerebelde sa awtoridad
- **Pagkakatatubos** – pagkalaya
- **Tulisan** – rebelde
- **Tagatangkilik** – tagapangalaga
- **Magpatriwakal** – magpakamatay
- **Sumangguni** – pagkonsulta
- **Kukutya** – aasar
- **Nag-atubili** – nagdalawang-isip

Kabanata 31: Mga Mataas na Kawani

Ang pahayagan sa Maynila ay patungkol lang sa nabunyag na patayan sa Europa, pagbibigay karangalan sa mga predikador sa Maynila at sa tagumpay ng operatang Pranses. Wala man lang nabalita tungkol sa nangyari kay Huli.

Balita din ang pag-alis sa bayang iyon ni Padre Camorra upang manirahan sa kumbento ng Maynila. Dahil sa pagsisikap ng mga kamag-anak ng mga bilanggo ay unti-unti silang nakalaya.

Sunud-sunod na nakalaya ang mga mag-aaral, sina Makaraeg, at Isagani. Hindi parin nakakalaya si Basilio dahil sa kasalanang pagkakaroon ng mga aklat na bawal.

Ipinagtanggol ng mataas na kawani si Basilio ngunit lalo iyong nakasama nang malaman ng Kapitan Heneral na ito’y naging utusan lamang.

Pinangatawan ng mataas na kawani ang pagtatanggol kay Basilio. Dahil dito, higit naging malubha ang alitan sa pagitan ng mataas na kawani at ng Kapitan Heneral.

Talasalitaan:

- **Nabunyag** – nalaman
- **Predikador** – taga hatid ng mensahe sa simbahan o preacher
- **Pagsisikap** – pagpursige
- **Kawani** – taong kabilang sa nagtatrabaho sa loob ng isang institusyon
- **Malubha** – malala
- **Alitan** – pagaaway

Kabanata 32: Mga Ibinunga ng mga Paskin

Dahil sa mga sunud-sunod na nangyayari, maraming magulang ang napilitang patigilin ang kanilang mga anak sa pag-aaral, sa halip ay harapin na lamang ang pagsasaka. Kasama sa mga tumigil sina Pecson, Tadeo, at Pelaez.

Sinigaan ni Tadeo ang kanilang aklat. Habang si Pelaez ay namahala sa tindahan ng ama. Si Makaraeg ay napunta sa Europa at si Isagani nama'y sa asignatura lang ni Padre Fernandez nakasulit.

Dahil sa husay sa pagtatalumpati ay nakapasa si Salvador. Si Basilio ay nananatiling nakabilanggo. Habang si Sinong naman ang nagbalita dito ng pagkamatay ni Huli at pagkawala ni Tandang Selo.

Si Simoun naman ay gumaling na. Ayon kay Ben Zayb, ito ay hindi na mag-uusig sa halip ay magdaraos ng isang handaan bilang pasasalamat sa kaniyang paggaling.

Naging maswerte naman ang kapalaran ni Pelaez. Nakabili ito ng bahay na walang bayad, malaki ang kinita ng kanilang tindahan, nakasama sa pangangalakal si Simoun, at higit sa lahat ay makakasal sa babaeng ninanasa ng lahat na si Paulita.

Ang pag-ibig ni Paulita para kay Isagani ay naglaho na simula nang masangkot ito sa paskin at nabilanggo. Walang ibang pinagkakabalahan ang Maynila kundi ang maghanda upang maanyayahan sa pistang idaraos ni Don Timoteo Pelaez para sa kasal ng anak.

Si Simoun ang nakaatang na mamahala sa lahat. Samantalang ang Kapitan Heneral naman ang magiging inaama ng ikakasal.

Talasalitaan:

- **Napilitan** – puwersahin
- **Sinigaan** – sinunog
- **Namahala** – namuno
- **Pagtatalumpati** – pagsasalita sa entablado
- **Nakabilanggo** – nakakulong

Kabanata 33: Ang Huling Matuwid

Dumating na ang araw na pinakahihintay. Umaga palang ay abala ni Simoun sa pag-aayos ng kaniyang mga hiyas at sandata. Kasama niya ang Kapitan Heneral sa kaniyang pag-alis.

Marami ang nagsasabi na takot si Simoun na maiwang mag-isa dahil baka raw ito paghigantihan ng mga pinagsamantalahan at inapi niya.

Dumating ang kahambal-hambal na si Basilio. Payat na payat, gusot ang buhok at walang kaayusan ang damit. Ito ay lumapit kay Simoun at sinabing siya ay masamang anak at kapatid.

Habang nagsasalita si Basilio ay tahimik lang na nakikinig si Simoun. Kung noong una'y ipinagkait ni Basilio ang tulong kay Simoun, ngayon ay handa na itong sumama at tumulong dahil utang nito kay Simoun ang kaniyang kalayaan.

Biglang napawi ang pag-aalinlangan ni Simoun dahil sa wakas ay natagpuan na niya ang kaniyang hinahanap. Isinama ni Simoun si Basilio sa kaniyang laboratoro. Inilabas nito ang isang lampara na may katangi-tanging itsura.

Matapos na maalis ang ilawan ay inilantad ang loob ng sisidlan. Nagulat si Basilio at napaurong sa takot nang makita niyang nitrogliserina ang laman.

Ayon kay Simoun, sa gabing iyon ay maririnig ng Pilipinas ang putok na dudurog sa mga maniniil at sa mga mapagsamantalang nagkukubli sa simbahan at pamahalaan. Pagkatapos ay inayos na muli ni Simoun ang lampara.

May bagay na itinurnilyo siya roon. Sinabi ni Simoun na ang lamparang iyon ay ilalagay sa gitna ng isang kioskong kakainan sa pistang gaganapin din sa gabing iyon.

Ang lampara ay may maningning na liwanag, pagkaraan ng dalawampung minuto ay unti-unting mawawala ang liwanag nito. Kapag may nagtangkang itaas ang mitsa nito ay puputok ng malakas.

Si Simoun at Kabesang Tales ay magkikita sa siyudad upang iyo'y kunin habang sina Basilio na nasa arabal ay tatayo sa mga tulay upang saklolohan sila.

Kinuha ni Simoun ang isang rebolber at iniabot ito kay Basilio. Nagbilin si Simoun na maghintay sa tapat ng simbahan ng San Sebastion sa ganap na ikasampu para sa susunod na utos.

Matapos siyasatin ni Basilio ang armas ay agad itong itinago sa kaniyang bulsa.

Talasalitaan:

- **Hiyas** – mamahaling alahas
- **Inapi** – inaway
- **Kahambal-hambal** – kaawa-awa
- **Ipinagkait** – ipinagdamot
- **Napawi** – nawala
- **Inilantad** – sinabi, isiniwalat
- **Sisidlan** – lalagyan
- **Nitrogliserina** – likwido na maaaring sumabog
- **Maniniil** – mapang-api
- **Nagkukubli** – nagtatago
- **Kiosko** – istructurang maliit na maaaring bukas ang harapan o iba pang bahagi nito
- **Arabal** – nayon
- **Rebolber** – maliit na uri ng baril
- **Siyasatin** – maghanap, mag-imbetiga

Kabanata 34: Ang Kasal

Nasa daan na si Basilio ikapito palang ng gabi. Wala siyang mapuntahan at ginugulo ng lampara ang kaniyang isip.

Nang mga sandaling iyon ay may dumaan sa harap niyang sunud-sunod na sasakyan. Sa isang karuwahe ay nakita niya ang bagong kasal. Naawa si Basilio kay Isagani.

Makalipas pa ang ilang oras ay naiinip na si Basilio sa mabagal na takbo ng oras.

Nakita ni Basilio na lumabas si Simoun ng bahay bitbit ang lampara. Nakita rin niya ang kutsero ng karuwaheng sinasakyan nito walang iba kundi si Sinong.

Maliwanag ang dating bahay ni Kapitan Tiago. Dinig din ang masasayang tunog na gawa ng orkestra at ang mga tawanan at salitaan ng mga tao sa loob. Malaki na ang pinagbago ng dating bahay ni Kapitan Tiago.

Talasalitaan:

- **Lampara** – isang sisidlan o lalagyan na nagbibigay ng liwanag
- **Karuwahe** – sasakyang hila-hila ng kabayo
- **Bitbit** – dala-dala
- **Kutsero** – drayber ng karuwahe
- **Orkestra** – tawag sa banda na tumutugtog

Kabanata 35: Ang Pista

Mag-iikapito na ng gabi nang magsimulang magsidatingan ang mga panauhin. Nandoon ang ibanag panauhin nang dumating ang bagong kasal kasama si Donya Victorina. Huling dumating ang Kapitan Heneral kasama ang asawa nito.

Habang nagsasaya ang lahat, si Basilio naman ay nasa harap ng tahananang iyon at pinapanood ang mga panauhin.

Nakaramdam ng awa si Basilio sa mga taong walang sala, ngunit nang makita nito si Padre Salvi at Padre Irene ay muling nagsiklab ang kaniyang kalooban.

Maya-maya pa'y dumating ang karuwaheng sinasakyan ni Simoun. Bumaba ito dala-dala ang lampara at pumanhik ng bahay. Marami ang pumalibot kay Simoun upang bumati at marami din ang humanga sa dala nitong lampara.

Muli na namang umiral ang kabaitan ni Basilio. Naisip niyang iligtas ang mga walang kasalanan kung kaya't sinubukan nitong pumasok sa bahay ngunit hinarang naman ito ng mga bantay dahil sa karumihan ng kaniyang damit.

Ilang sandali pa ay bumaba na si Simoun sa bahay. Nakita ni Basilio na ito'y paalis na kaya't nangatal ito sa takot at lumayo sa tahananang iyon.

Nang papalayo na ay nakita nito si Isagani. Nakiusap si Basilio na sumama ito sa kanya ngunit hindi ito pinansin. Walang magawa si Basilio kundi sabihin ang totoo kay Isagani.

Hindi naman sumama si Isagani kaya mag-isa nalang itong lumayo. Nang mapansin ni Isagani na totoong takot si Basilio ay mabilis itong nagpasiyang lumabas ng bahay dahil sa pag-aakalang totoo nga ang magaganap na pagsabog.

Samantala, sa lansangan ay may isang papel na may titik na tintang pula ang nagpalipat-lipat sa kamay ng mga mataas na panauhin.

Nang itanong ng Kapitan Heneral kung sino iyon ay sumagot si Don Custodio. Aniya'y iyon ay napakasamang biro, sapagkat ang nakalagda sa papel ay ang sulat kamay na pangalan ni Juan Crisostomo Ibarra, ang pilibusterong mahigit sampung taon nang namatay.

Marami ang natakot. Kahit iniutos ng Kapitan Heneral na ipagpatuloy ang pagkain ay walang nangahas dahil sa takot na baka malason. Nangungulimlim na ang ilaw sa lampara. Ipinataas ng heneral ang mitsa kay Padre Irene.

Ngunit ng mga sandaling iyon, sa isang kispap-mata ay may pumasok na anino at dali-daling sinunggaban ang lampara sabay tapon nito sa ilog. Maliksi ang anino. Bago pa man magkailaw muli ay nakalundag na ito sa ilog.

Talasalitaan:

- Nagsiklab – nagsimulang lumaganap
- Karwahe – sasakyang hila-hila ng kabayo
- Pumanhik – pumunta
- Umiral – pag-sipot, pagdating
- Nangatal – nanginig
- Nangahas – nagtangka
- Nangungulimlim – humihina, dumidilim
- Sinunggaban – biglang kinuha
- Nakalundag – nakatalon

Kabanata 36: Ang Kagipitan ni Ben Zayb

Nang malaman ang balita ay dali-daling umuwi si Ben Zayb upang gumawa ng balita. Nais niyang bigyan ng papuri sa kaniyang balita ang heneral.

Pinalabas niyang bayani ang Kapitan Heneral, si Padre Irene, si Don Custodio, at Padre Salvi. Ipinadala niya agad ito sa pasulatan ngunit ito ay pinabalik dahil mahigpit na ipinagbabawal ng heneral na pag-usapan ang nangyari noong gabing iyon.

Nalungkot si Ben Zayb nang hindi nailathala ang kanyang balita. Nanghihinayang siya dahil malapit na niyang iwan ang Pilipinas. Ang bawat magaganap na pangyayari ay pinapalaki niya upang makuha ang atensyon ng madami.

May bagong balitang umaalingawngaw. Ang isa sa mga tulisan ni Matanglawin ay nagsabing tinipon sila sa Sta. Mesa upang makasama sa mga manloloob sa kumbento. Pinangakuan din sila na babahaginan sa mga nasamsam.

Ayon pa sa kanila, ang palatandaan daw ay isang putok. Nang walang narinig na putok ay nagsiuwian na ang iba dahil sa pag-aakalang nililinlang lang sila.

Ninais nilang paghigantihan ang Kastilang hindi marunong tumupad sa usapan. Sa halip ay binalak nilang manloob sa isang bahay na kanilang nasumpungan.

Ito agad pinaniwalaan ang salaysay ng mga tulisan dahil ang anyong ibinabalita ay kamukha ni Simoun. Ang pagkawala at ang pagkatagpo sa mga bayong ng pulbura at bala sa kaniyang bahay ay nagpatotoo dito.

Unti-unting kumalat ang balita. Marami ang nabigla at hindi makapaniwala. Kinahapunan ay dumalaw si Ben Zayb kay Don Custodio na sa mga oras na iyon ay naghahanda ng isang panukala laban kay Simoun.

Talasalitaan:

- **Dali-dali** – kaagad
- **Papuri** – ipinagbubunyi, ipinagmamalaki
- **Nailathala** – naisapubliko, naipabalita
- **Umaalingawngaw** – umiingay, dumadagundong
- **Tulisan** – hindi sumusunod sa batas
- **Kumbento** – simbahan
- **Nasamsam** – nakuha
- **Nililinlang** – niloloko
- **Nasumpungan** – nakita
- **Panukala** – mungkahi, pahayag

Kabanata 37: Ang Hiwaga

Kumalat ang balita sa madla bagaman ito ay pilit na nililihim. Ang lahat ay nakikinig sa mga kwento ni Chichoy.

Aniya, nung siya'y maghatid ng hikaw kay Don Timoteo para sa bagong kasal ay napansin niyang ginigiba ang kiosko at nakita din nito ang mga bayong ng pulburang nasa ilalim ng lamesa, sa bubong, at sa mga suluk-sulok. Mamutla-mutla si Chichoy habang ibinabalita niya ang nakita.

Si Momoy na ilan din sa mga dumalo ay natakot sa mga narinig. Ayon kay Ginoong Pasta maaaring ang may gawa noon ay taong may galit kay Don Timoteo o di kaya'y kaagaw ni Juanito kay Paulita.

Napatingin ang mga dalaga kay Isagani dahil batid ng lahat na siya ang dating kasintahan ni Paulita.

Pinayuhan ni Kapitan Loleng na magtago si Isagani dahil baka raw ito pagbintangan. Ang binata ay di sumagot, sa halip ay ngumiti lang.

Hindi malaman ni Don Custodio kung sino ang may gawa noon gayong sila lang ni Simoun ang namamahala sa piging.

Ayon kay Kapitan Toringgoy, maaaring ang mga prayle, o si Quiroga o si Makaraeg ay may kagagawan nun.

Nagulat ang lahat nang umiling Chichoy at sinabing si Simoun ang naglagay ng bayong na puno ng pulbura.

Naalala din ni Chichoy ang di-kilalang nagnakaw sa lampara. Anito mabilis na tumalon sa ilog at walang makakapagsabi kung iyon ba ay isang Kastila, Intsik, o Indio.

Noon lamang nagsalita si Isagani. Aniya hindi mabuti ang kumuha ng hindi kaniya. Kung nalaman lang sana ng magnanakaw ang pakay ay hindi niya kukuhanin ang lampara.

Talasalitaan:

- **Nililihim** – tinatago
- **Kiosko** – istrukturang maliit
- **Dumalo** – pumunta
- **Batid** – alam
- **Namamahala** – namumuno
- **Piging** – salu-salo, handaan
- **Prayle** – pari

Kabanata 38: Ang Kasawian

Si Matanglawin ay naghasik ng lagim sa iba't-ibang parte ng Luzon.

Sinunog niya ang kabyawan ng Batangas at sinira ang mga pananim sa Tiyani, nangloob sa isang bahay sa Kabite at sinamsam ang lahat ng armas. Maging sa lugar ng Tayabas hanggang Pangasinan, Albay hanggang Cagayan ay pininsala nito.

Tinanggalan ng armas ang bawat bayan dahil sa kawalan ng tiwala ng pamahalaan. Dahil dito, mas madali silang nahulog sa mga kamay ni Matanglawin.

Sinasabing nasa anim o pito ang pinaghihinalang nadakip ng mga sibil. Sila ay nakatali sa isa't-isa habang naglalakad sa ilalim ng tirik na araw ng Mayo. Ang mga bilanggo ay punong-puno ng alikabok at nagpuputik na dahil sa pawis.

Habang pinapahirapan ay nilalait din ang mga ito ng mga guwardiya. May isang sibil ang tutol sa gayung pagpaparusa. Nang di na makatiis ay sinaway nito si Mautang.

Ayon kay Mautang ay dapat pinaparusahan ang mga bilanggo para kung sakaling may manlaban ay mabaril na nila. Ang isa sa mga nakatali ay nakiusap na tumigil dahil sa isang pangangailanagn ngunit ito ay hindi pinagbigyan.

Ilang sandali pa ay isang putok ang narinig. Nagpagulong-gulong si Mautang na tutop ang dibdib at nilalabasan ng dugo sa bibig. Inutos ng kabo na patigilin ang lahat sa paglalakad.

Huminto ang mga sundalo at nagmasid sa paligid. Humaging ang isang punglo at ang kabo'y tinamaan sa hita. Dahil sa galit ay iniutos ng kabo na barilin ang lahat ng bilanggo.

Hindi hihigit sa tatlo ang nakipagputukan sa mga sundalo. Nang mga sandaling iyon isang lalaki ang lumitaw sa isang talampas habang iwinawasiwas ang baril na hawak. Pinaputukan iyon ng kabo ngunit nakatayo parin ito.

Napatigil si Carolino nang wari'y nakikilala niya ang lalaki. Inutusan siya ng kabo na magpapatok. Nawala ang mga ito sa bato.

Naramdaman ng mga kalaban na nagsitakbuhan na ang mga ito, kaya agad-agad silang lumusob. Isa pang lalaki ang lumitaw sa ibabaw ng bato na ikinukumpay ang dalang sibat.

Muling nagpapatok ang mga kawal at unti-unting napayuko ang lalaki hanggang sa sumubsob ito sa bato.

Ang unang sundalo na umabot sa talampas ay may dinatnang isang matandang naghihingalo. Ang matanda ay si Tandang Selo.

Ito ay ay sinaksak ng bayoneta. Nakatitig ang matanda kay Carolino habang ang daliri'y nakaturo sa likod ng bato.

Talasalitaan:

- **Naghasik** – nagkalat
- **Lagim** – mapait na pangyayari
- **Kabyawan** – pakinisan o tistisan ng mga tubo
- **Pininsala** – sinira
- **Nadakip** – nakuha
- **Bilanggo** – nakulong o preso
- **Tutop** – takip
- **Kabo** – korporal
- **Punglo** – bala
- **Lumusob** – sumugod
- **Ikinukumpay** – iwinawasiwas
- **Bayoneta** – kutsilyong nakakabit sa dulo ng baril

Kabanata 39: Wakas

Naiwang malungkot si Padre Florentino dahil sa pag-alis ng kaniyang kaibigan na si Don Tiburcio. Si Don Tiburcio ay umalis upang magtago dahil sa pag-aakalang siya ang darakpin sa gabing iyon.

Umaga ng araw na iyon ay nakatanggap ng telegrama si Padre Florentino galing sa tinylene ng gwardiya sibil. Dahil hindi masyadong malinaw ang nakalahad sa telegrama, inakala ni Don Tiburcio na siya ang tinutukoy bagama't si Simoun ang nabanggit.

Dalawang araw na ang nakakaraan nang sugatang dumating si Simoun sa bayan ni Padre Florentino. Sapagkat di pa nakatanggap ng balita ang pari ay inakala nitong may naghiganti na kay Simoun dahil wala na ang Kapitan Heneral.

Naitanong din ng pari sa kaniyang sarili kung ano ang sanhi ng mga sugat nito. Mas lalo pang naghinala ang pari na tumakas nga si Simoun sa mga sibil na umuusig sa kanya nang matanggap nito ang sulat at dahil ayaw ni Simoun na magpadala sa ospital upang doon magpagamot.

Inisip ni Padre Florentino ang ibig sabihin ng pakutyang ngiti ni Simoun nang malaman nito ang laman ng telegrama at sa ikawalo ng gabi darating ang mga darakip.

Nilimot ng pari ang di pagpansin noon ni Simoun sa pakiusap nitong tulong upang mapalaya si Isagani. Maging ang ginawa ni Simoun upang mapadali ang pagpapakasal ni Juanito Pelaez at Paulita Gomez na lubos na dinamdang ni Isagani ay nilimot niya din.

Pumasok ang pari sa silid ni Simoun. Hindi na maaninag ang mapangutyang mukha nito. Natuklasan ng pari na uminom si Simoun ng lason at tinitii lamang niya ang sakit na dulot nito.

Nagtangka pa itong humanap ng lunas ngunit nakiusap nalang na huwag nang mag-aksaya ng panahon at dahil ayaw niyang mahuli siya ng mga sibil na buhay. Sinabi ni Simoun na mayroon siyang lihim na na ipagtatapat.

Naupo ang pari malapit sa ulunan ni Simoun at nakinig sa salaysay ni Simoun.

Labintatlong taong namalagi si Simoun sa Europa. Bumalik ito sa Pilipinas dala-dala ang bagong pag-asa. Handa na niyang patawarin ang lahat ng nagkasala sa kaniya at umuwi siya para pakasalan si Maria Clara.

Ngunit dahil sa isang kaguluhan na likha ng kanyang mga kaaway ay nawala ang lahat ng sa kaniya. Nailigtas lamang siya sa kamatayan sa tulong ng isang kaibigan.

Magmula noon ay isinumpa ni Simoun na siya ay maghihiganti. Sumali siya sa himagsikan sa Kuba at dito niya nakilala ang heneral na noo'y komandante pa lamang. Naging magkaibigan si Simoun at ang heneral.

Gamit ang salapi ni Simoun ay naging Kapitan Heneral ang kaibigan. Napaparito niya at nagamit bilang kasangkapan sa paghihiganti. Gabi na nang natapos ang pagtatapat ni Simoun.

Sinabi ni Padre Florentino na patatawarin siya ng Diyos. Ang lahat ng tao ay nagkakasala at sapat na ang mga hirap at pagtitiis ni Simoun upang pagbayaran ang kanyang kasalanan.

Ayon sa pari, hindi hinayaan ng Diyos na mangyari ang plano ni Simoun dahil mali ang kaniyang naging pamamaraan bagama't maganda ang kaniyang layunin.

Dagdag pa nito, nararapat lang na magtiis ang mga matatapat at mababait upang makilala at lumaganap ang mga adhikain nito. Sinagot din ng pari ang tanong ni Simoun na anong klase ng Diyos ang ganoong nagbibigay ng pasakit.

Ani Padre Florentino, ito ang Diyos na makatarungan. Siya ang nagpapala sa mga mababait at nagpaparusa sa mga masasama. Ilang sandali pa'y naramdaman ni Padre Florentino na pinisil ni Simoun ang kaniyang kamay.

Inantay ng pari na ito'y muling magsalita ngunit muli niyang naramdaman ang dalawang pisil at narinig ang buntong hininga ni Simoun. Isang mahabang katahimikan ang naghari sa buong silid.

Nangilid ang luha sa mga mata ng pari kaya binitawan ang kamay ng may sakit. Kumatok ang isang utusan upang itanong kung magsisindi na ng ilawan.

Sa tulong ng liwanag ng lampara ay nakita niyang patay na ang may sakit. Lumuhod ito at nanalangin. Tinawag din niya ang mga utusan upang lumuhod at manalangin.

Kinuha ni Padre Florentino sa taguan ang maletang bakal na kinalalagyan ng mga kayaman ni Simoun. Pagkatapos ay tumungo ito sa bato na inuupuan ni Isagani upang masdan ang kalaliman ng dagat.

Doon ay hinagis ng pari ang kayamanan ni Simoun.

Talasalitaan:

- **Darakpin** – huhulihin
- **Telegrama** – uri ng sulat
- **Sanhi** – dahilan
- **Pakutya** – nang-aasar
- **Natuklasan** – nalaman
- **Lunas** – gamot
- **Lihim** – sikreto
- **Salaysay** – kwento
- **Namalagi** -tumira
- **Salapi** – pera
- **Kasangkapan** – kagamitan
- **Adhikain** – layunin, plano
- **Tumungo** – nagpunta

You May Also Like

